MEDIA RELATIONS UNIT
OFFICE OF THE SECRETARY
NEWS MONITORING

Newspaper Manila Bulletin
Date 18 July 2011
Page/s 8

DENGUE OUTBREAK

The dengue outbreak in the country's northernmost province, Batanes, may have been due to the influx of tourists, the Department of Health (DoH) said yesterday, after it recorded a total of 900 cases and one death, the highest number of dengue cases recorded in the province. DoH Assistant Secretary Dr. Eric Tayag said that dengue cases in Batanes have always stayed at one or two cases every year. This is the first time it climbed to huge proportions, data from the National Epidemiology Center (NEC) as of July 6 said. Dengue downed some 487 in the town of Basco, 288 in Itbayat and 51 in Uyugan. (Jenny Manongdo)

MEDIA RELATIONS UNIT
OFFICE OF THE SECRETARY
NEWS MONITORING

Newspaper BALITA
Date 18 JULY 11
Page/s 4

Mouthwash na ipinabawi, 'wag gamitin

Pinayuhan ng Food and Drugs Administration (FDA) ang publiko na huwag nang gamitin ang mouth rinse na nabili ng mga ito makaraang boluntaryong ipinabawi o ni-recall ng Procter and Gamble Distributing Philippines (P&G) ang nasabing mga produkto sa pamilihan.

Sa isang advisory, sinabi ng FDA na ipinabawi sa merkado ng P&G ang Oral B Tooth and Gum Care Alcohol Free Mouth Rinse, na gawa sa Retycol, Columbia.

Kabilang umano sa mga ipinabawi ay ang Oral B Tooth and Gum Care Alcohol Free Mouth Rinse na 500 ml, 350 ml at 60 ml, matapos matukoy na may out of specification microbial levels ito.

"The voluntary recall is a precautionary step after detecting out-of-specification microbial levels in some products produced at the said manufacturing site in Columbia," saad sa advisory ng FDA.

Nilinaw naman ng nasabing kumpanya na walang panganib na maaaring idulot sa may malusog na resistensiya ang nasabing microbial level, ngunit maaari itong makasama sa mga taong may mahihinang resistensya, at iyong may "cystic fibrosis".

"All consumers who may have purchased the said products are advised not to use it," ayon pa sa FDA.

Pinayuhan rin ng FDA ang publiko na tumawag sa 1-800-1-888-8008 (toll free) o 894-3955 o sa FDA hotline na 807-8275 kung may katanungan tungkol sa nasabing produkto.

Mary Ann Santiago

MEDIA RELATIONS UNIT
OFFICE OF THE SECRETARY
NEWS MONITORING

Newspaper People's Tonight
Date 18 July 2011
Page/s 2

Radioactive beef, more tainted food in Japan

TOKYO -- A scare in Japan over beef contaminated with radioactivity spread on Sunday with more parts of the country reporting tainted food, four months after March's quake and tsunami triggered a nuclear disaster.

So far, meat from 132 cattle that ate straw contaminated with high levels of radioactive caesium are known to have been shipped across the country, according to local media including national network NHK and the Asahi Shimbun.

Of the 47 prefectures in Japan, 36 of them have received meat from the affected animals, while contaminated meat is believed to have been consumed in 31 prefectures, NHK said.

The government is expected on Tuesday to ban all beef shipments from Fukushima prefecture, with the area's crippled Fukushima Daiichi nuclear plant still emitting radioactivity.

More than four months into the nuclear crisis, Japan has not set up a centralized system to check food for radiation, relying instead on testing carried out by local authorities.

Kohei Otsuka, senior vice health minister, suggested that the beef shipment ban may also be expanded to cover areas outside of Fukushima, depending on the results of investigations into the extent of the contamination.

The government has sought to assure the public that there is no immediate health threat from eating standard servings of the beef.

MEDIA RELATIONS UNIT
OFFICE OF THE SECRETARY
NEWS MONITORING

Newspaper PIL STAR NGAYON
Date 18 JULY 11
Page/s 6

Editoryal

Maraming nagyoyosi walang nanghuhuli

MARAMING naninigarilyo sa pampasaherong jeepney at bus. Marami ring naninigarilyo sa mga parke at sa mga hintayan ng bus. At walang nanghuhuli sa kanila. Nasaan na ang ipinatutupad ng Metro Manila Development Authority (MMDA) na bawal manigarilyo?

Ningas-kugon na naman ba o abala lamang sa pagbabaklas ng sinasabi nilang mga malalaswang billboard sa kahabaan ng EDSA?

Ang pagbaklas sa mga sexy billboard sa EDSA ang inaatupag ng MMDA. Marami raw nagre-reklamo sapagkat halos nakabilad na ang katawan ng mga artistang nag-eendorso ng produkto. Hindi lamang mga kababaihan ang naglalantad ng maseselang bahagi ng katawan kundi pati mga kalalakihan. Hindi raw magandang tingnan sapagkat laging nakikita ng mga kabataan. Marami pa raw silang babaklasing billboard. Hindi lamang daw ang mga "malalaswa" ang kanilang aalisin kundi pati na rin ang mga billboard na walang permit.

Siguro nga'y naagaw ang pansin ng MMDA kaya hindi naaasikaso ang paghuli sa mga naninigarilyo sa publikong lugar. Noong Hulyo 1, sinabi ng MMDA na iimplement na nila ang pagbabawal sa paninigarilyo sa palengke, mga tanggapan, mall, ospita, parke at sa mga pampaherong sasakyan. Sa unang araw ng pagbabawal manigarilyo ay maraming nahuli. Pinagmulta ang mga nahuli ng P500. Ang mga walang maibayad ay sumailalim sa walong oras na community service.

Subalit sa mga sumunod na araw ay nanamlay na ang kampanya. Marami na naman ang naninigarilyo sa mga publikong lugar. Wala nang nanghuhuling tauhan ng MMDA. Nasaan na ang babala ni MMDA chairman Francis Tolentino na wala nang patawad sa mga mahuhuling maninigarilyo?

Lubhang delikado ang makalanghap ng second hand smoke. Araw-araw ay may namamatay dahil sa paninigarilyo at sa mga nakalalanghap ng usok ng sigarilyo. Sana, paigtingin ang kampanya laban sa paninigarilyo. Iprayoridad ito kaysa pagbaklas sa mga billboard. Wala namang namamatay sa sexy billboards.

MEDIA RELATIONS UNIT
OFFICE OF THE SECRETARY
NEWS MONITORING

Newspaper BALITA
Date 18 JULY 11
Page/s 5

Dengue outbreak, idineklara sa Batanes

BATANES ISLAND - Idineklara noong nakaraang linggo ng Department of Health ang dengue outbreak sa isla ng Batanes, matapos makumpirma ng kagawaran na tuluyan nang lumobo ang bilang ng mga biktima ng dengue sa lalawigan.

Ayon kay DoH Region 2 officer, Dr. Marian Lyn Delaraza, umaabot na sa 200 ang dinapuan ng dengue sa Batanes.

Kaugnay nito, nagpadala na ang DoH regional office ng kahun-kahon na mga gamot para sa mga pasyente.

Tumanggap din ang Batanes ng mga insecticide, gayundin ng mga window screen na maikakabit sa mga eskuwelahan bilang proteksiyon ng mga mag-aaral laban sa lamok.

Nagpapatuloy naman ang spraying at fogging sa mga bahay at paaralan sa isla upang mapigilan o makontrol ang pagdami ng biktima ng naturang nakamamatay na sakit.

Sinabi pa ni Delaraza na umaabot na sa 1,915 ang mga nabiktima ng dengue sa buong Region 2 simula Enero ngayong taon.

Sa nasabing bilang, 17 na ang nasawi sa dengue, ayon kay Delaraza.

Wilfredo Berganio

MEDIA RELATIONS UNIT
OFFICE OF THE SECRETARY
NEWS MONITORING

Newspaper PIL STAR NGAYON
Date 18 JULY 11
Page/s 8

Dengue nanalasa sa Batanes

SANTIAGO CITY, Isabela – Naabot na rin ng dengue ang pinakadulo ng mapa ng bansa matapos maitala ang kauna-unahang kaso ng dengue na iki-nasawi ng isang batang babae habang aabot naman 600-katao ang nadale sa Batanes, ayon sa ulat.

Ayon kay Batanes Governor Vicente Gato, ang nasawing siyam na buwang gulang na sanggol ay kabilang sa 600-katao Ang tinamaan din ng dengue.

"Her case was thought to be merely a case of fever and flu. However, when she started to show the symptoms of dengue, it was already too late," pahayag ni Gov. Gato.

Nagdeklara na ng state of calamity sa bayan ng Sabtang dahil sa pananalasa ng dengue.

Maging ang apat na bayan ng Batanes na nasa Isla ng Batan ay mahigpit din na binabantayan dahil sa dengue cases.

Dahil dito, nagpakalat ng ilang doctor at anti-dengue medicines sa nasabing lalawigan sakay ng Navy ship mula sa Poro Point ng San Fernando City, La Union. ***Victor Martin***

MEDIA RELATIONS UNIT
OFFICE OF THE SECRETARY
NEWS MONITORING

Newspaper _____
Date _____
Page/s _____

HORSE DISEASE

COTABATO CITY (PNA) – At least two villages in Kabacan, North Cotabato have been infected with disease-causing bacteria that affect the town's farm animals, the provincial veterinarian said. A "surra" outbreak was reported in two far-flung villages of Pisan and Pedtad, all in Kabacan, one of the country's rice producing municipalities. Dr. Dionisio Nadela, North Cotabato veterinarian III, said at least 25 horses in Pisan and Pedtad died after being hit by the disease caused by fleas that bite and suck animal blood.

MEDIA RELATIONS UNIT
OFFICE OF THE SECRETARY
NEWS MONITORING

Newspaper PIL. STAR NGAYON
Date 18 JULY 11
Page/s 4

Lola nag-suicide sa ospital

Isang hindi kilalang lola na pinaniniwalaang may kapansanan sa pag-iisip ang natagpuang patay sa bakanteng lote ng ospital matapos tumalon mula sa kanyang kuwarto sa ikaapat na palapag sa Quezon City kahapon.

Sa ulat ng Criminal Investigation and Detection Unit ng Quezon City Police District, ang lola ay tinatayang nasa 60-anyos at naka-confine sa East Avenue Medical Center sa loob ng 17 araw simula nang dalhin ng mga operatiba ng traffic sector 2 dahil sa biktima ng hit-and-run noong Hulyo 1.

Sinasabing simula nang dalhin sa ospital ang biktima ay wala man lamang pamilyang dumalaw dito at madalas makitang nag-iisang nakaupo sa gilid ng kanyang kuwarto.

Sa inisyal na pagsisiyasat ni P02 Jose Roland C. Belgica, ang biktima ay natagpuan ng admin aide na si Roperto Parohinog na nakahandusay sa bakanteng lote ng EAMC bandang ala- 5 ng umaga.

Nasa Dietary Department si Parohinog sa basement nang matanaw nito ang biktima na nakahandusay sa nasabing lugar at umaagos ang dugo sa bibig nito.

Bago nito, ayon kay Catherine Guaring, duty nurse, ganap na alas-2 ng madaling-araw nakita pa niya ang biktima sa kuwarto nito sa room 4032 ng East female surgical ward sa ikaapat na palapag nang magsagawa siya ng pag-iikot.

Sa occular investigation, nakita na wala ang isang piraso ng window blade sa kuwarto ng biktima na pinaniniwalaang dinaanan nito sa kanyang pagtalon. *(Ricky Tulipat)*

MEDIA RELATIONS UNIT
OFFICE OF THE SECRETARY
NEWS MONITORING

Newspaper Manila Bulletin
Date 18 July 2011
Page/s 16

D.O.H. UPGRADES CEBU CITY HOSPITAL

CEBU CITY, Cebu (PIA) — The Department of Health (DOH) here has given a check for P6 million to the Cebu City government for the upgrade of the Cebu City Medical Center (CCMC)'s laboratory facilities. The money will be particularly used to buy new laboratory equipment such as lab chemistry and hematology analyzers. "The CCMC's laboratory services are expected to really improve once we are able to procure the new laboratory equipment," CCMC Chief Dr. Eduardo Sedoripa was told local media.

ILOILO L.G.U.S GIVEN PHILHEALTH CARDS

ILOILO (PNA) — Governor Arthur Defensor Sr. led local officials of the provincial government of Iloilo in distributing PhilHealth cards to local government units (LGUs) in the province's 4th congressional district at the Barotac Nuevo covered gymnasium last Friday. The recipient LGUs include Passi City and San Enrique town. It was the first time that Passi City Mayor Jesry Palmares set foot on Barotac Nuevo, bailiwick of his erstwhile political rival, Ilolilo 4th district Congressman Ferjenel Biron.

MEDIA RELATIONS UNIT
OFFICE OF THE SECRETARY
NEWS MONITORING

Newspaper PEOPLES MANDL
Date 18 JULY 11
Page/s 4

'Asecs and Usecs'

BANGON KALIKASAN
bangonkalikasan@yahoo.com



ASSISTANT Secretary ang ibig sabihin ng Asec. Mas mataas siyempre ang Undersecretary o Usec. Sila ang mga opisyal ng isang departamento ng pamahalaan na katulong ng Secretary bukod pa sa mga director sa central office at sa mga regional office.

Ngunit naging paksa na ng mga biruan ang mga titulong ito dahil nagkaroon na ito ng ibang kahulugan. Maraming mga pinagkakatiwalaan ang ilang mga Secretary na kadalasa'y mga kamag-anak, kaibigan o kabarkada ng Kalihim ang ginawang "asec at usec" sa Office of the Secretary.

Ginagawang staff o consultant sa tanggapan ng Kalihim ang mga ito. Sila ang mga tinatawag na mga "taga-asikaso" kaya nabansagang "asec." "Na-promote pa nga ang mga ito sa pagiging "usec" nitong mga nakararaang taon dahil sa "kapangyarihang" hawak nila 'umano.

Madalas ngang nagtatampo ang mga tunay na opisyal na Usec at Asec dahil madalas ay sila pa ang nagrereport sa mga "asecs" dahil malalapit ang mga ito sa Secretary. "Trusted" sila ni Sec, kaya malakas sila kay Sec, 'ika nga.

Laging kasama ng Secretary ang mga "asec at usec" niya sa mga meeting sa mayors, governors, o kaya'y "bitbit" na parang maleta saan mang lalawigan magpunta si Secretary.

Kunwari ay nagrereklamo pa si "asec" o "usec" na nahihirapan na sila sa dami ng trabaho nila pero sa totoo lang ay masayang-masaya sila sa kapangyarihang tinatamasa nila na parang isang Secretary.

Ang mga taong ito ang nakikipag-usap sa mga opisyal ng kanilang departamento at maging ibang departamento. Kahit na sa usapin ng pondo ay sila ang nagpapapirma ng mga papeles sa kanilang Secretary. May recommending power ang mga taong ito! At ipinadadala pa sila sa ibang bansa!

Hindi ko nilalahat ang mga departamento ng pamahalaan na may ganitong klase ng mga "asec at usec." At nangyayari na ito maging noon pa mang mga nakaraang administrasyon. Ang masaklap, nangyayari pa rin ito hanggang ngayon. Ito ay batay sa aking per-sonal na karanasan na naobserbahan ko sa pamahalaan.

Hindi ba't kailangang wakasan na ito ni PNoy? Kailangang ituwid na niya ang ganitong maling sistema ng pamamahala. Kung hindi kaya ng Secretary na pamunuan ang kanyang departamento, patalsikin dapat ni PNoy ang ganitong klaseng Kalihim! Ganito ang mga Secretary na tunay na pain in the neck ni PNoy!

Dagdag na sahod pa ito para sa mga ganitong klaseng tao. Galing ang sahod nila sa ibinabayad na buwis ng mamamayang Pilipino. Malaking insulto rin ito sa mga tunay na Undersecretaries at Assistant Secretaries na naghirap pang kumuha ng examination sa Career Executive Service Board para lang maging full pledged ang pagiging opisyal nila.

Ang suma total 'ika nga ng ganitong klase ng Secretary ng isang departamento ay matatawag na "mahinang klaseng opisyal!" Hindi siya makagalaw o makapamuno ng wala ang mga "dakilang alalay" niya na laging "nakasipsip" sa kanya!

Sana pagkatapos ng State of the Nation Address (SONA) ni PNoy sa susunod na linggo, wala na ang mga "dakilang asungot" na ito na laging iwinawasiwas ang kanilang hiram na kapangyarihan!